BC Builds
homes for people

Supported in partnership by the Province of British Columbia and BC Housing.

## Mga Madalas na Katanungan — Pebrero 2024

### 1. Para kanino ba ang BC Builds?

- BC Builds ay inilaan para tulungan ang mga taga-British Columbia na may middle-income– tulad ng mga guro, nurses, transit operators, construction workers, mga may-ari ng maliliit na negosyo, atbp., – na humanap ng housing na kaya nilang bayaran, sa mga komunidad kung saan sila naninirahan at nagtratrabaho.
- Ang BC Builds ay naghahatid ng housing para sa mga sambahayan na nangunguna sa listahan ng kasalukuyang BC Housing program income eligibility at lampas pa nito, para matugunan ang lumalaking pangangailangan para sa karagdagang housing para sa mga tao sa middle-income ranges na ito.
- Ang mga kontribusyon ng province sa BC Builds ay makakapaglaan ng mga renta na makakayang bayaran ng mga sambahayang may sumusunod na sahod:
  - $84,780 hanggang $131,950 para sa isang studio o one-bedroom home
  - $134,410 hanggang $191,910 para sa isang two-bedroom home o mas malaki pa
- Gagawing posible ng mga kontribusyon ng low-cost na lupa, equity, at waived fees mula sa mga partner na magtayo ng housing na magiging abot-kaya para sa mga sambahayan na mas mababa sa range na ito.
- Ang BC Builds ay hindi isang tradisyunal na government housing program – may ibang government at BC Housing programs na naglalaan ng mga tahanan para sa mga manggagawang may low-to moderate na sahod.

### 2. Paano ba naiiba ang BC Builds approach sa tradisyunal na development model?

- Pinagsasama-sama ng BC Builds ang mga may-ari ng lupa at residential developers na bilisan ang project development timelines.
- Ito’y ginagawa sa pamamagitan ng pagtaguyod sa partnerships, pagsuporta sa evaluation ng mga proposal, pag-streamline ng mga proseso ng development, at paglaan ng isang dedikadong team para ayusin ang mga hadlang kapag nagkakaroon ng mga ito.
- Layunin ng BC Builds na gawin ang mga proyekto mula konsepto hanggang construction sa loob ng 12-18 buwan, sa halip na sa karaniwang tatlo-hanggang-limang taon.
- At ang isang mahalagang komponente ng inisyatibo ay ang i-leverage ang underused public lands (mga parking lot, ibabaw ng community centres/fire halls) para gumawa ng mga rental project na mas posible), at grant money para panatilihing mas abot-kaya ang mga renta at para masimulan ang mga proyekto.

### 3. Magkano ba ang magiging renta sa isang BC Builds building?

- Oras na natapos ang proyekto, ang halaga ng renta ay itatatag pagkatapos ng appraisal ng mga renta sa komunidad, at ang layunin nito ay ang gumastos ang middle-income na sambahayan nang hindi hihigit sa 30% ng kanilang income sa renta.
- Ang rental rate ay ibabase sa pamamagitan ng analysis ng mga kita, renta, at development costs sa loob ng komunidad. Ang ibig sabihin nito’y mag-iiba-iba ang renta depende sa komunidad.
- Sa BC Builds buildings na pagmamay-ari at palakad ng non-profit societies, First Nations development corporations, o mga pampublikong entidad, hindi kukulang sa 20% ng mga

BC Builds
homes for people

tahanan ang papaupahan nang 20% mas mababa sa market rents; ito'y ginagawang posible ng construction financing at grants ng pamahalaan.

**4. Gaano katagal magtatagal ang below-market na renta sa mga proyekto ng BC Builds?**

- Para sa mga proyekto kasama ang non-profit partners, public housing corporations o development corporations na kontrolado ng First Nations na tumatanggap ng capital grants na hanggang $225,000/unit: dapat itarget ng mga unit ang mga eligible na sambahayan nang 35 taon man lamang.
- Ang mga non-profit ay mga organisasyon na may misyon at habang-buhay nila pananatilihin below market ang renta.
- Ang 35 taon ay itinakda ng katagalan ng mortgage.

**5. Paano ko ba matutuklasan ang mga oportunidad na umupa sa BC Builds? Paano ba ako mag-aaplay na manirahan sa isang BC Builds building?**

- Ang listahan ng mga kompletong proyekto na tumatanggap ng mga aplikasyon para sa kanilang unang tenants ay gagawing available sa bcbuildshomes.ca/renters.
- Ang mga listahan ng rental ng BC Builds ay gagawin ding available gamit ang tradisyunal na renting platforms.
- Kung naghahanap ka ng low-income o supportive housing sa pamamagitan ng BC Housing, mangyaring mag-click dito.

**6. Kailan ba matatapos ang unang mga proyekto ng BC Builds?**

- Inaasahang sisimulan ang construction ng mga unang proyekto ng BC Builds sa 2024 at handa na itong tumanggap ng mga residente sa 2026.

**7. Ilan bang mga tahanan ang idaragdag ng BC Builds?**

- Libu-libong mga bagong tahanan ang itatayo sa pagitan ng 2024 at 2027.

**8. Saan ba itatayo ang mga proyekto ng BC Builds?**

- Ang BC Builds ay nagsusuporta sa mga proyekto sa buong British Columbia.
- Ang unang listahan ng mga government at community landowner partners ay matatagpuan sa bcbuildshomes.ca/developers.

**9. Mayroon bang requirements para sa accessiblity sa mga proyekto ng BC Builds?**

- Ang mga building ng BC Builds ay itatayo alinsunod sa pamantayan ng BC Building Code, kabilang ang accessibility, energy efficiency, at climate resiiliency requirements.
- Tuwing nagdaragdag ng bagong requirements sa Building Code, kailangan silang tuparin ng mga building ng BC Builds.

**10. Bakit ba Kinakailangan ang BC Builds?**

- Masyadong maraming British Columbians ang hindi nakakahanap ng lugar na pa-upahan sa mga komunidad kung saan sila naninirahan at nagtratrabaho.
- Ang BC Builds ay nilikha para bilisan ang development ng mga bagong tahanan para sa mga táong nagtratrabaho sa mga komunidad sa buong province.
- Ang programa ay tutulong na tagumpayan ang mga hadlang sa pagdibelop ng bagong housing, kabilang na ang gastos ng lupa, gastos ng construction, at mataas na interest rates, at magtayo ng mas maraming rental na tahanan na nagkakasya sa middle-income budgets.

BC Builds
homes for people

**11. Makakatulong ba ang BC Builds na gawing mas abot-kaya ang housing?**

- Ang priyoridad ng BC Builds ay ang mabilis na pagtayo ng mga bagong rental na tahanan at dagdagan ang rental supply sa buong B.C. para sa middle-income earners. Gayunman, ang grants sa ilalim ng BC Builds program ay tutulong sa pagbaba ng renta nang mas mababa sa market rates sa BC Builds na mga building.
- Ang mga grant na hanggang $225,000 bawat unit ay available sa non-profit na mga organisasyon at sa First Nations development corporations para gumawa ng supply at gumawa ng kahit 20% man lamang ng units na 20% mas mababa sa market rates.
- Ang layunin ng lahat ng mga BC Builds units ay ang gumastos ang middle-income households ng hindi lalampas ng 30% ng kanilang kita para sa renta.
- Sinusuri ang income ng lahat ng mga sambahayang maninirahan sa BC Builds na mga tahanan paglipat nila sa tahanan.

**12. May pagkakataon bang maging may-ari ng tahanan sa mga BC Builds na building?**

- Ang unang focus ng BC Builds ay ang bilisan ang development ng rental housing.
- Kasalukuyang pinag aralan na ng BC Builds homeownership program na magkakaroon ng karagdagang impormasyon tungkol dito oras na ma-finalize na ang mga detalye ng programa.

**13. Paano ba naaapektohan ng BC Builds ang ibang mga housing program na inaalok ng BC Housng?**

- Ang BC Builds ay bukod pa sa mga kasalukuyang programang inihatid ng BC Housing.
- Ang lahat ng ibang mga kasalukuyang programa ay magpapatuloy.
- Kabilang dito ang Community Housing Fund, ang Indigenous Housing Fund, supportive housing programs, at housing para sa mga kababaihan at mga batang umaalis sa karahasan, bukod pa sa ibang mga programa, na lahat ay magpapatuloy na maghatid ng mga tahanan para sa mga taga-British Columbia.

**14. Ako'y isang government, non-profit o community landowner/developer—mayroon ba akong makakausap para maunawaan kung tama para sa akin ang BC Builds?**

- Ang BC Builds team ay masisiyahang makipag-usap sa iyo. Padalhan kami ng email sa info@bcbuildshomes.ca.

**Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang bcbuildshomes.ca**